Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

FILIPINO

**MANAGEMENT AND DEVELOPMENT TEAM**

**Development Team:**

**Writer:** Margie P. Cas
**Layout Artist:**
**Content Editor:** RHODELLA V. RAMIREZ
ELMER D. ORDANIEL
**Language Editor:** RHODONA V. TUGNA
PERLIE O. SABANG

**MANAGEMENT TEAM:**

**DR. MALCOLM S. GARMA**, Regional Director-NCR
**DR. MARGARITO B. MATRUM**, Schools Division Superintendent
**DR. GEORGE O. TIZON,** SGOD Chief
**DR. ELLERY G. QUINTIA**, CID Chief
**MA. GLORIA G. TAMAYO**, Regional EPS-Filipino
**DR. JENNIFER RAMA**, Division EPS-Filipino
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Supervisor
**DR. DAISY L. MATAAC**, Division LR Supervisor/ALS
**NANCY C MABUNGA**, Regional Librarian

**Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili.**

# Aralin 8 — Paksa ng Kuwento/Sanaysay: Ibibigay

## Inaasahan

Naibibigay ang paksa ng kuwento o sanaysay na napakinggan.
**F3PN-IIIe-7; F3PN-IVd-7; F3PN-IVd-7**

## Unang Pagsubok

**Panuto:** Ipabasa ang maikling sanaysay sa iyong magulang o kasamang nakatatanda. Pakinggan ang babasahin. Isulat sa patlang ang paksa nito.

Ang niyog ay may karaniwang taas na anim na metro o higit pa. Natatangi sa lahat ang puno ng niyog, sapagkat ang bawat bahagi nito ay maaaring gamitin bilang sangkap sa paggawa ng sabon, shampoo at iba.

______________________________________________

Isa sa mga natatanging pagdiriwang na ginugunita ng mga taga-Taguig tuwing buwan ng Hulyo ang Sta. Anang Banak Taguig River Festival. Tampok dito ang karera ng mga Bangkang Lunday na nangangahulugang lahi ng mga mangingisda mula sa lahat ng dako upang makuha ang pinakamalaking "banak." Ang pagodahan ay ang prosesyon ng mga bangka. Ang paradang ito ay may tradisyunal na pagpapalitan ng regalo, at mayroon ding tradisyunal na "pasubo" kung saan ang mga representatibo sa bangka ay nagbabato ng prutas sa isa't isa bilang pasasalamat at pagbibigay-pugay kay Santa Ana.

______________________________________________

(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili.)

## Balik-Tanaw

**Panuto:** Basahin ang maikling kuwento. Isulat ang buod nito sa loob ng kahon.

Isang araw, may nakitang halaman ang magkaibigang Matsing at Pagong. Hinati nila ito. Ang bahaging itaas ay kay Matsing sa pag-aakalang madali itong mamunga kapag itinanim ngunit namatay ito. Itinanim naman ni Pagong ang bahaging may ugat at namunga ito. Ngunit hindi makaakyat kaya humingi siya ng tulong kay Matsing. Gayunpaman kinain naman ng tusong kaibigan ang lahat ng bunga. Bilang paghihiganti pinaligiran ni Pagong ng mga patpat ang puno na ikinamatay ng Matsing pagbaba nito mula sa puno.

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

**Konsepto**

Ang **paksa** ay bahagi ng isang pangungusap o talata na pinagtutuunan ng pansin. Ito ay ang pangunahing kaisipan ng kuwento, sanaysay o tekstong nabasa o napakinggan. Ang pagbibigay-paksa ay magpapatunay ng iyong lubos na pang-unawa sa akdang nabasa.

(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili.)

**Panuto**: Basahin ang seleksiyon at sagutin ang mga tanong tungkol dito. Isulat ang sagot sa patlang.

**Mga Korales na Mahahalaga**

Ang korales ay maliliit at malalambot na organismo na bumubuo ng malalaking pulutong sa ilalim ng dagat. Dito tumitira ang mga isda at ibang nilalang. Ang mga pulutong na ito ay unti-unting nagagawa mula sa mga kalansay ng mga namatay na korales.

Sinabi ni Kleypas ng *National Center for Atmospheric Research* na ang sobrang *Carbon Dioxide* sa karagatan ay nagiging sanhi ng pabuo ng "*carbonic acid*" sa ilalim ng karagatan. Ginagamit ng "*acid*" na ito ang *carbon dioxide* na lubhang kailangan ng korales upang sila ay lumaki. Kaya paano na ang mga korales? Isang malaking banta ito na dapat malutas.

1. Ilang pangungusap ang bumubuo sa talata?
   ____________________________________________
2. Alin ang pangungusap na nagsasabi kung ano ang korales?
   ____________________________________________
3. Ano ang paksa ng seleksiyon?
   ____________________________________________
4. Alin ang paksang pangungusap ng talata?
   ____________________________________________
5. Saang bahagi ng talata makikita ang paksang pangungusap?
   ____________________________________________

- Ang isang talata, kuwento, o sanaysay ay binubuo ng mga pangungusap at isa na rito ang pamaksang pangungusap na nagsasabi ng kabuuang nilalaman ng talata. Ito ay maaaring nasa unahan, gitna, o hulihan.
- Ang **paksa** ay bahagi ng isang pangungusap o talata na pinag-uusapan o pinagtutuunan ng pansin. Dito umiikot ang kuwento o usapan. Ito ay ang pangunahing kaisipan ng kuwento, sanaysay o tekstong nabasa o napakinggan. Ito ang sentral na ideya sa loob ng kuwento o mahalagang pangkaisipan ng may akda.

## Gawain 1

**Panuto**: Ipabasa ang sanaysay sa iyong magulang o kasamang nakatatanda sa loob ng kahon at isulat ang paksa nito sa patlang.

Ang COVID-19 ay isang nakahahawang sakit na dulot ng bagong *virus*. Karamihan sa mga taong magkakaroon ng impeksiyon ay makararanas ng hindi malalang sintomas at gagaling. Ngunit ang iba ay makararanas ng malubhang sakit, lalo na sa mga matatanda at mga may dati nang karamdaman.

1. ______________________________

Paboritong luto ng Lolo ang pinakbet. Ito ang karaniwan niyang niluluto tuwing dadalaw kami sa kanila. Pumipitas siya ng mga sariwang talong, sitaw, kamatis, at kalabasa sa kanilang likod-bahay. Iginigisa niya ito sa hipon at baboy. Lalong sumasarap ang pinakbet kapag hinahaluan ng kaunting bagoong. Palaging nagluluto nito si Lolo sapagkat alam niyang gustong-gusto namin ang ulam na ito.

2. ______________________________

May mga taong nagpupuyat lagi at kulang sa pagtulog. Mayroon ding mga taong kung ano ang ipinagbabawal na pagkain ay siya pa ring gustong kainin. Tunay na marami ang hindi pinangangalagaan ang kanilang kalusugan. Hindi nila nadarama ang kahalagahan ng kalusugan hanggang hindi ito nawawala sa kanilang buhay.

3. ______________________________

**(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili.)**

_______________________________________________________________

Maaga pa lang ay gising na lahat ang mga tao sa bahay ni Mang Jose. Ang bawat isa ay nagbibihis at naghahanda sa pagpunta sa simbahan. Nakasuot ng puting damit si Jenny. Ito ang araw ng kaniyang kasal.

4. ______________________________________________

Ang aklat ay nagbibigay ng iba't ibang impormasyon. Ito rin ang nagdadala sa atin sa iba't ibang lugar sa pamamagitan ng pagbabasa. Ang dating pagkatao ay nagbabago rin. Maraming bagay ang matututuhan natin sa aklat. Ito ang mga kahalagahan ng aklat.

5. ______________________________________________

## Gawain 2

**Panuto**: Ipabasa ang teksto sa iyong magulang o kasamang nakatatanda. Pakinggang mabuti ang babasahin. Salungguhitan ang paksa ng teksto.

Ang *Dengue* ay isang karaniwang sakit mula sa mga bansang tropikal tulad ng Pilipinas. Ito ay naipapasa mula sa kagat ng lamok na tinatawag na *Aedes aegypti*.

Ang karaniwang sintomas ng *dengue* ay ang sumusunod: pananakit ng ulo, mataas na lagnat, pananakit ng katawan, at mga kasu-kasuan, pamamaga ng mga kulani, at pamumula ng balat. Maging ang ordinaryong lagnat lang ay hindi dapat ipagwalambahala sapagkat maaaring ito ay sintomas ng dengue kaya makabubuting magpakonsulta sa doktor para makasiguro.

*World Health Organization*

_______________________________________________________________

*World Health Organization*

## Gawain 3

**Panuto**: Ipabasa ang teksto sa iyong magulang o kasamang nakatatanda ang maikling sanaysay at ibigay mo ang paksa nito.

Wika ang pinakamahalagang regalo ng Maykapal sa kaniyang mga nilalang. Ito ang tanging kasangkapan ng tao sa pakikipag-ugnayan niya sa kapuwa, sa asosasyon, sa institusyon at maging sa dakilang Tagapaglikha. Malaki ang nagagawa ng wika sa pagkakaroon ng magandang unawaan, ugnayan at mabuting pagsasamahan.

Naipadarama ng wika ang sidhi ng damdamin, ang lalim ng lungkot, ang lawak ng galak, ang kahalagahan ng katwiran, ang kabutihan ng layunin at ang nakapaloob na katotohanan.

Wika pa rin ang pinakamahalagang sangkap ng mabisang pakikipagtalastasan at komunikasyon.

-Hango sa *https://brainly.ph/question/65424*

## Tandaan

Ang **paksa** ay bahagi ng isang pangungusap o talatang pinag-uusapan o pinagtutuunan ng pansin. Dito umiikot ang kuwento o usapan. Ito ay ang pangunahing kaisipan ng kuwento, sanaysay o tekstong nabasa o napakinggan. Ito ang sentral na ideya sa loob ng kuwento o mahalagang pangkaisipan ng may akda.

______________________________________________________________

## Pag-alam sa mga Natutuhan

**Panuto**: Basahin ang kuwento at ibigay mo ang paksa nito. Isulat ito sa patlang na nasa ibaba ng kahon.

Ang Kalabaw

Maagang-maaga noon. Sumakay si Miko sa alagang kalabaw ni Lolo Tony. "Takbo kalabaw, takbo!" ang kaniyang sigaw. "Sige!" sabay pagpapatakbo sa maamong alaga ni lolo. "Unga, unga, unga!" sagot naman nito.

______________________________________________________________

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto**: Ipabasa sa kasamang nakatatanda ang maikling sanaysay. Isulat ang paksa ng bawat talata.

Ang pagkakaroon ng isang mataas at matibay na edukasyon ay isang saligan upang mabago ang takbo ng isang lipunan tungo sa pagkakaroon ng isang masaganang ekonomiya. Mataas na edukasyon na hindi lamang binubuhay ng mga aklat o mga bagay na natutuhan sa ating mga unibersidad at paaralan. Bagaman, kasama ito sa mga pangunahing elemento upang magkaroon ng sapat na edukasyon, ang praktikal na edukasyon na nakabase sa ating araw-araw na pamumuhay ang siya pa ring dapat na piliting maabot. Matibay ang isang edukasyon kung ito ay pinagsamang katalinuhan bunga ng mga pormal na pag-aaral tungkol sa *Mathematics, Science, English* at mga bagay na tungkol naman sa buhay at kung paano mabuhay nang maayos.

______________________________________________________________

Ang edukasyon ang nagiging daan tungo sa isang matagumpay na hinaharap ng isang bansa. Kung wala nito, at kung ang mga mamamayan ng isang lipunan ay hindi magkakaroon ng isang matibay at matatag na pundasyon ng edukasyon, magiging mahirap para sa kanila na abutin ang pag-unlad. Marapat lamang maintindihan na ang edukasyon ay siyang magdadala sa kanila sa kanilang mga inaasam na mga mithiin.

-http://sanaysay-filipino.blogspot.com/2011/07/sanaysay-tungkol-sa-edukasyon.html

Unang talata: ____________________________________________

Ikalawang talata: _________________________________________

**(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili.)**

---

# Sanggunian

DepEd Most Essential Learning Competencies Kuwarter 4: Linggo: 7
Competency Code: F3PB-IIIj-16; F3PB-IVi-16
Pinagyamang Pluma ni: Alma M. Dayag
Filipino: Ang Bagong Edisyon III
https://flamenco.ru/tl/osnovnaya-mysl-teksta-opredelenie-temy-i-osnovnoi-mysli-teksta-kak/
https://www.slideshare.net/ellixir/aralin-14-at-17-buod?next_slideshow=1
https://www.coursehero.com/file/44567523/LM-1st-Quarter-wk3docx/

# Susi ng Pagwawasto

ASSESSMENT

**UNANG PAGSUBOK**

1. Gamit ng mga Bahagi ng Niyog
2. Ang natatanging pagdiriwang ng Santa Anang Banak River Festival

**GAWAIN 1**

1. Ang ipinasang proyekto ni Beth.
2. Paboritong luto ni lolo ang Pinakbet.
3. Hindi pagpapahalaga sa kalusugan.
4. Araw ng kasal ni Jenny.
5. Ang mga kahalagahan ng aklat.

**GAWAIN 2**

Ang Dengue ay isang karaniwang sakit mula sa kagat ng lamok.

**GAWAIN 3**

Wika ang pinakamahalagang sangkap sa mabisang pakikipagtalastasan.

(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili.)